ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PAGPAPAUNLAD NG PANITIKANG LOKAL BILANG KASANAYAN SA PAGBASA AT PAGPAPANATILI NG KULTURANG PAGBILAO

**Ma. Louella Madel Deveza Dela Cruz**

## ABSTRACT

*Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw sa Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal bilang Kasanayan sa Pagbasa at Pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao.Nilayon nito na masagot ang mga sumusunod na katanungan. Ang antas ng pagpapaunlad ng panitikang lokal batay sa Kasaysayan, Ekonomikong Kalagayan, Turismo, Festival, at Edukasyon. Sumunod ay ang antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mag-aaral batay sa Pag-unawa, Bokabularyo, Simbolismo, Kayarian ng Salita at Estruktura. Ang antas ng Pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao sa paraan ng Pagsasabuhay, Pagtanggap sa Kultura, Pagpapahayag ng Identidad at Pagpapahalaga sa Tradisyon. Inalam din ng mananaliksik kung may makabuluhang kaugnayan ba ang Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal sa Kasanayan sa Pagbasa. Sa huli, kung may makabuluhang kaugnayan ba ang Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal sa Pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao.*

*Ang mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong korelasyonal upang matukoy kung may makabuluhang kaugnayan ang pagpapaunlad ng panitikang lokal sa kasanayan sa pagbasa at pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao. Ang mga tagasagot sa isinagawang pananaliksik ay binubuo ng tatlong daan na nagmula sa iba't ibang paaralan ng bayan ng Pagbilao, Quezon. Ang respondente ay pinili sa pamamagitan ng Purposive Sampling.*

*Batay sa resulta ng pag-aaral, ang antas ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal ay nakakuha ng tugon na Lubos na Sumasang-ayon at berbal na pakahulugan na Pinauunlad Sumunod dito ay ang Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal bilang Kasanayan sa Pagbasa ng mag- aaral na nagtamo ng tugon na Lubos na Sumasang-ayon. Nakakuha din ng pangkabuuang berbal na pakahulugan na May Kasanayan. Makikita rin ang magandang resulta ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal sa pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao. Nagkamit din ito ng Lubos na Sumasang-ayon at Napananatili. Lumabas na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal sa Kasanayan sa Pagbasa at Pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao.*

*Sa kadahilanang, Walang Makabuluhang Kaugnayan sa pagitan ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal sa Kasanayan sa Pagbasa at Pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao, ang mga haypotesis ay hindi tinatanggap. Ito ay nangangahulugan na ang panitikang lokal ay epektibong instrumento upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at mapanatili ang Kulturang Pagbilao.*

*Ang paggamit at pagsasama sa kurikulum ng panitikang lokal partikular sa Filipino, paghimok sa kapwa mag-aaral na basahin ang panitikang lokal at pagsasagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral ang ilan sa mga ibinigay na rekomendasyon ng mananaliksik upang higit na mapaunlad ng panitikang lokal ang kasanayan sa pabasa at mapanatili ang Kulturang Pagbilao. Gayundin maaaring gamitin ng mga susunod na mananaliksik ang pag-aaral na ito upang maging batayan sa pagsasagawa ng panibagong pag-aaral patungkol sa panitikang lokal.*

**SUSING SALITA:** *Panitikang Lokal, Pagbasa, Kulturang Pagbilao, Identidad Edukasyon*

## PANIMULA

Ang lipunan at panitikan lokal ay mahalagang sangkap sa paghulma ng pagkakakilanlan ng mga tao sa isang lugar. Ito rin ay nagsisilbing daluyan upang mas mapalalim ang pagkaunawa sa tunay na pinagmulan. Wika nga ni Semorlan et al. (2014)," Sabihin mo sa akin ang panitikan ng isang bayan at sasabihin ko sa iyo ang uri ng mga tao sa bayang ito".Tunay nga na ang panitikan ay isang malinaw na salamin , larawan at repleksyon ng buhay, karanasan, lipunan at kasaysayan ng isang komunidad.

Kasabay nang mabilis na pagbabago ng panahon, nagbabago din ang paraan ng pagpapahalaga ng mga kabataan sa kaugalian at tradisyon. Dahil dito, ang panitikang lokal ang labis na naapektuhan. Unti-unting nawawalan ng interes ang kabataan sa pagbabasa nito na maaaring magbunsod sa tuluyang pagkalimot ng sariling kultura.

Kaugnay nito, naging batayan ng mananaliksik ang itinalaga na DepEd Order No. 43 Serye 2013, hinggil sa lokalisado at kontekstwalisadong kurikulum,na binibigyang kalayaan ang mga paaralan na gawing lokalisado ang lahat ng mga materyal na mapagkukunan ng mga kagamitang panturo upang mapayabong ang pakikipagtalastasan at kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa panitikang lokal. Bunsod ng kautusan, ang mga guro sa bawat bayan ng Quezon ay gumawa ng mga lokal na materyal na magagamit sa pagtuturo. Ito'y makatutulong upang maipaalala sa kabataan ang sarinling kultura at maging ganap ang pagkatuto ng isang mag-aaral.

Tinukoy ng Program for International Student Assessment ( PISA ) ang pagbasa bilang pag-unawa, paggamit, pagsusuri, pagninilay at pakikipag-ugnayan sa teksto upang makamit ang mga layunin ng isang tao, upang mapaunlad ang kaalaman at potensyal nito at makilahok sa Lipunan (OECD,2019). Ang malawakang kahulugan nito ay nagbibigay-diin sa maraming aspekto ng pagbasa sa ika-21 siglo, na lumalampas sa simpleng pagbasa sa teksto upang saklawin ang kritkal na pag-iisip, pagsusuri at pakikipag-ugnayan sa lipunan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang pagsasama ng kultura sa pagbabasa ng mga panitikang lokal ay hindi lamang nagpapalakas ng pakikilahok ng mga mag-aaral kundi nagtataguyod din ng mas malalim na pag-unawa at koneksyon sa materyal. Ayon kay Ladson-Billings (1995), ang Culturally Relevant Pedagogy ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga mag-aaral sa intelektwal, emosyonal at politikal na paraan. Ang paggamit ng batayang kultural ay nakaiimpluwensya ng kaalaman, kasanayan at saloobin. Dahil dito, nais ng mananaliksik na malaman ang dahilan ng kawalan ng interes ng kabataan sa pagbabasa ng panitikang lokal. Layunin din ng pag-aaral na makapagmungkahi ng hakbang upang maibalik ang kasiglahan at interes sa pagbabasa at malinang ang sariling kultura gamit ang mga lokal na babasahin.

## METODLOHIYA

Ang mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong korelasyonal upang matukoy kung may makabuluhang kaugnayan ang pagpapaunlad ng panitikang lokal sa kasanayan sa pagbasa at pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao. Ang mga tagasagot sa isinagawang pananaliksik ay binubuo ng tatlong daan na nagmula sa iba't ibang paaralan ng bayan ng Pagbilao, Quezon. Ang respondente ay pinili sa pamamagitan ng Purposive Sampling.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Makikita sa Talahanayan 1 ang Antas ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal batay sa Kasaysayan.

**Talahanayan 1 Antas ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal batay sa Kasaysayan**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nakapagtatala ng mga alamat na mula sa matatanda ng Pagbilao upang maibilang sa lokal na panitikan. | 3.62 | 0.89 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakapagbibigay ng lehitimong impormasyon tungkol sa pinagmulan ng Pagbilao batay sa kasaysayan nito. | 3.79 | 0.89 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakabubuo ng pamphlet na nagpapakilala sa mga naunang namuno sa bayan ng Pagbilao. | 3.67 | 0.89 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nagagamit ang panitikang lokal upang maipaalala ang makasaysayang pangyayari sa Pagbilao. | 3.73 | 0.89 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napapalalim ang pagpapahalaga sa pag-unawa sa kasaysayan ng Pagbilao. | 3.84 | 0.90 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **3.73** | | |
| **SD** | **0.89** | | |
| **Berbal na Interpretasyon** | **Pinauunlad** | | |

Bukod pa rito, mahalagang maisama sa kurikulum ang panitikang lokal tulad ng tula, alamat, sanaysay at mga kwento. Sumasalamin din ang panitikang lokal sa kultura, tradisyon, pamumuhay at kasaysayan ng mga mamamayan partikular sa bayan ng Pagbilao,Quezon. Ang paggamit ng lokal na babasahin ang nag-uugnay sa impluwensyang dulot ng mga sinaunag tao, pamumuhay, paniniwala at mga kaugalian.

Sa kabuuan, ang pagbabasa gamit ang panitikang lokal na naglalaman ng kasaysayan ay nagpapalalim ng pag-unawa ng mag-aaral tungkol sa lugar na pinagmulan. Gayundin, nahahasa ang mag-aaral sa paggamit ng mga pagbasa at kasanayang pangwika.

Inilahad sa Talahanayan 2 ang Antas ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal batay sa Ekonomikong Kalagayan

**Talahanayan 2 Antas ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal batay sa Ekonomikong Kalagayan**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Natutukoy ang pangunahing pinagmumulan ng kabuhayan ng Pagbilao tulad ng pagsasaka at pangingisda. | 4.03 | 0.91 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakikiisa sa programa ng pamahalaan na naglalayong magsanay sa pagnenegosyo upang mapataas ang kalagayang pang-ekonomiko ng Pagbilao. | 3.75 | 0.86 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakagagawa ng brochure o phamplet na maglalarawan sa mayamang ekonomiko ng Pagbilao na maakit ang mga investor na mamuhunan. | 3.85 | 0.87 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakahihikayat sa iba na magkaroon ng entrepreneurial mindset upang makalikha ng negosyo. | 3.81 | 0.87 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakapagbibigay-puna tungkol sa mga usaping may kinalaman sa ekonomikong kalagayan ng Pagbilao. | 3.98 | 0.87 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **3.88** | | |
| **SD** | **0.88** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Pinauunlad** | | |

Ang Talahanayan 2 ay naglalaman ng datos patungkol sa Antas ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal batay sa Ekonomikong Kalagayan,. Ang pinakamataas na mean (4.03) ay nakuha ng pahayag na "Natutukoy ang pangunahing pinagmumulan ng kabuhayan ng Pagbilao tulad ng pagsasaka at pangingisda." Ito ay nagpahiwatig na ang panitikang lokal ay mahusay na naisadokumento at nakapagpakilala ng pangunahing kabuhayan ng komunidad na pagsasaka at pangingisda.

Sa pangkalahatan, ang paggamit ng panitikang lokal na naglalarawan ng ekonomikong kalagayan ay nakakuha ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

weighted mean na M=3.88 (SD=0.88), na may verbal interpretation na Pinauunlad.Ibig sabihin sa tulong ng panitikang lokal nailalahad nito ang kalagayang pang-ekonomiko.

Katulad ng sinabi ni Raji et al. (2019) ang mga gawaing nagpapataas sa ekonomiya ay maaaring pasiglahin sa pamamagitan ng promosyon na magpapataas ng kamalayan ng mamamayan upang tumangkilik. Gamit ang mga lokal na babasahin , maiaangat nito ang kamalayan ng mag-aaral upang makiisa sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng Pagbilao.
Matutunghayan sa Talahanayan 3 ang Antas ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal batay sa Turismo.

**Talahanayan 3 Antas ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal batay sa Turismo**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nagagamit ang social media sa promosyon ng atraksyong matatagpuan sa Pagbilao tulad ng kwebang lampas at Bilaran Sandbar. | 3.96 | 0.92 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakikiisa sa mga programa ng Non-Government Organizations na tumutulong sa pagpapaunlad ng turismo gamit ang panitikang lokal. | 3.78 | 0.90 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakikiisa sa promosyon na ingatan ang mayaman na marine biodiversity sa Pagbilao gamit ang panitikang lokal. | 3.62 | 0.90 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakabubuo ng mga tour guide pamphlet upang maipamahagi at maakit ang mga turista na bumisita sa Pagbilao. | 3.95 | 0.93 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakapagpaplano ako ng marketing para sa lokal na atraksyon gamit ang panitikang lokal. | 3.67 | 0.85 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **3.80** | | |
| **SD** | **0.91** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Pinauunlad** | | |

Sa pangkalahatan ang weighted mean na M= 3.80 (SD=0.91) at verbal interpretation na Pinauunlad ay nagpatunay na ang panitikang lokal ay may mahalagang kontribusyon sa sektor ng turismo.Patunay lamang na nakikiisa ang mag-aaral sa mga gawaing panturismo.

Ayon sa pag-aaral ni Sianipar et al.(2024), ang turismo ay may kakayahang magbigay ng makabuluhang benepisyo sa mga lokal na komunidad ngunit kinakailangan ng maingat na pagbabalanse ng turista at lokal na residente. Dahil dito ang maagang pagmulat sa mga mag-aaral na maipakilala ang turismo ng Pagbilao,Quezon ang maghahanda sa kanila na magplano at magkaroon ng inisyatibo na pasiglahin ang turismo.

Mahalagang maituro ang panitikan lokal na naglalarawan sa turismo sapagkat kinikilala itong instrumento ng pag-unlad ng ekonomiya ng bawat bayan. Katulad ng bayan ng Pagbilao, Quezon , ito ay biniyayaan ng mga yamang pangkalikasan na maipagmamalaki. Dahil dito nagreresulta ito ng pagdami ng turistang pumapasyal at pag-unlad ng ekonomiya ng bayan.
Makikita sa Talahanayan 4 ang Antas ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal batay sa Festival

**Talahanayan 4 Antas ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal batay sa Festival**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nakikiisa sa pagdiriwang ng “Papag at Bilao Festival” upang maipakita ang pagtangkilik sa lokal na gawain. | 4.08 | 0.90 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakagagawa ng brochure o pamphlet na maglalarawan sa “Papag at Bilao Festival”. | 3.94 | 0.87 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakagagamit ng mga hashtag na may kaugnayan sa “Pagpag at Bilao Festival” upang matandaan at mas makilala ang Pagbilao | 4.20 | 0.89 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napauunlad ang Pagbilao gamit ang panitikang lokal sa paggawa ng mga souvenir, bookmark o poster na nagtatampok sa “Papag at Bilao Festival”. | 3.88 | 0.87 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakapagbabahagi ng post o bidyu sa social media na magpapataas sa promosyon ng Festival ng Pagbilao gamit ang lokal na panitikan. | 4.06 | 0.91 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.03** | | |
| **SD** | **0.89** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Pinauunlad** | | |

Sa pangkalahatan ang talahanayang ito ay nakakuha ng grand weighted mean na M=4.03, SD na 0.89 at verbal interpretation na Pinauunlad. Ang datos ay nagpahayag na ang festival ay isang mahalagang kultural na behikulo para sa pagpapanatili ng lokal na panitikan sa komunidad

Winika nga ni Doe et al. (2021), sa kanyang pag-aaral na ang mga festival ay nagdudulot ng positibong epekto sa pagkakaisa ng komunidad at nakapagbibigay ng benepisyo sa pag-unlad ng kabuhayan.Gamit ang lokal na babasahin nakatutulong ito sa mag-aaral upang magkaroon ng kultural na kamalayan sa kanilang lugar partikular sa kapistahan ng Pagbilao. Napalalakas din nito ang lokal na kakayahang makipagkumpetensya sa hamon ng komunidad.
Inilahad naman ng Talahanayan 5 ang Antas ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal batay sa Edukasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 5 Antas ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal batay sa Edukasyon**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nailalahad ang layunin ng edukasyon sa pagsasama ng panitikang lokal sa kurikulum. | 4.16 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakikiisa sa mga workshop sa paaralan na nagtuturo kung paano sumulat ng sanaysay at bumigkas ng tula mula sa lokal na panitikan. | 4.08 | 0.76 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakabubuo ng koleksyon ng mga alamat, sanaysay at likhang sining ng Pagbilao upang maging batayan sa pagkatuto. | 3.93 | 0.82 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakapagsasagawa ng pananaliksik at pag-aaral upang mapataas ang edukasyon tungkol sa kaugalian ng Pagbilo gamit ang panitikang lokal. | 4.06 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naiingatan ko ang mga lokal na akda ng Pagbilao upang magamit at magsilbing gabay sa pag-aaral ng mga susunod na henerasyon. | 3.98 | 0.80 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.04** | | |
| **SD** | **0.76** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Pinauunlad** | | |

Sa pangkalahatang resulta, ang edukasyon ang isa sa salik na nakakuha ng mataas na weighted mean na M=4.04, SD=0.76 at verbal interpretation. Patunay lamang na malaki ang pagpapahalaga ng kabataan sa larangan ng edukasyon at pagpapahalaga sa panitikang lokal.

Pinatunayan nina Attard et al. (2021), ang paggamit ng lokalisadong materyal ay nakapagpapabuti ng partisipasyon ng mga mag-aaaral at nagiging ganap ang pagkatuto.Ang pakikipag-ugnayan ng paaralan sa komunidad gamit ang panitikang lokal ay nagpapataas ng partisipasyon ng mag-aaral sa aspetong pangkognitibo at emosyonal. Hindi lamang natututunan ang panitikang lokal bagkus napalalalim nito ang ugnayan sa komunidad na ginagalawan.

Makikita sa Talahanayan 6 ang Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral batay sa Pag-unawa**.**

**Talahanayan 6 Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral batay sa Pag-unawa**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nakapipili ng mga babasahing lokal batay sa kasanayan at lebel ng pag-unawa. | 3.90 | 0.84 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nagagamit ang lokal na panitikan upang mapabilis ang antas ng pagbasa.. | 3.95 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napatataas ang lebel ng literal na pag-unawa sa pagbabasa ng panitikang lokal. | 3.92 | 0.85 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napauunlad ang aking kasanayan sa bokabularyo at interpretasyong pag-unawa sa pagbabasa gamit ang lokal na panitikan. | 3.95 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nalilinang sa pagbabasa ng panitikang lokal ang aking kasanayan sa kritikal na pag-unawa sa teksto. | 3.92 | 0.86 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **3.93** | | |
| **SD** | **0.82** | | |
| **Verbal Interpretation** | **May Kasanayan** | | |

Sa pangkalahatan, ang talahanayan 6 ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na M=3.93, SD=0.82 at verbal interpretasyon na May Kasanayan. Nangangahulugan ito na ang paggamit ng lokal na panitikan ay nagpapaunlad sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa iba't ibang lebel ng pag-unawa, mula sa literal, pagbibigay interpretasyon at kritikal na pag-iisip.

Ang iba't ibang lebel ng pag-unawa ng mag-aaral ay dapat paunlarin. Dahil dito, kailangan ang paggamit ng mas epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng pagbasa, tulad ng interaktibong estratehiya at mas maraming pagsasanay sa kritikal na pagbasa ng mga teksto. Wika nga ni Rockets, (2020) sa pamamagitan ng komprehensyon, nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga salita na kanilang binabasa.Gamit ang mga akdang lokal napauunlad ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pagbasa at napalalawak ang pag-unawa.

Inilahad ng Talahanayan 7 ang Antas ng Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral batay sa Bokabularyo.

**Talahanayan 7 Antas ng Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral batay sa Bokabularyo**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nabibigyang-kahulugan ang bokabularyong ginamit sa akda gamit ang diksyunaryo at konteks klu. | 3.93 | 0.82 | Lubos na sumasang-ayon |
| Natutukoy ang mga salitang Pagbilao na ginamit sa mga lokal na panitikan. | 4.02 | 0.81 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naipakikita ang pagiging awtentik ng bokabularyo na ginagamit sa panitikang lokal ng Pagbilao. | 3.97 | 0.81 | Lubos na sumasang-ayon |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| Nakalilikom ng mga salitang ginagamit ng mga taga-Pagbilao mula sa babasahing lokal. | 4.01 | 0.80 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napahahalagahan ang bokabularyong ginamit sa panitikan upang mapanatili ang salitang Pagbilao. | 4.07 | 0.81 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.00** | | |
| **SD** | **0.81** | | |
| **Verbal Interpretation** | **May Kasanayan** | | |

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng datos na ang paggamit ng panitikang lokal ay nakapagpapalawak ng bokabularyo na magagamit sa pagpapalawak ng wika at kaalaman.Dahil sa malawak na talasalitaan mapadadali nito ang kasanayan sa pagbasa at pakikipag-ugnayan.

Inilahad sa Talahanayan 8 ang Antas ng Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral batay sa Simbolismo.

**Talahanayan 8 Antas ng Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral batay sa Simbolismo**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Natutukoy ang mga salitang ginamitan ng simbolo sa lokal na panitikan. | 3.95 | 0.85 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nabibigyang-kahulugan ang arketipong pantauhan na naglalarawan ng ugali o kultura upang matukoy ang sinisimbolohan. | 3.92 | 0.84 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakagagamit ng arketipong simbolo na sumasagisag sa bagay na palagiang nauulit sa teksto. | 3.84 | 0.83 | Lubos na sumasang-ayon |
| Natutukoy sa panitikang lokal ang teoryang arkitaypal na nagpapakita ng mahahalagang bahagi ng akda sa pamamagitan ng simbolo. | 3.78 | 0.84 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakagagawa ng tula o sanaysay na ginagamitan ng simbolo batay sa panitikang lokal ng Pagbilao. | 3.82 | 0.86 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **3.86** | | |
| **SD** | **0.84** | | |
| **Verbal Interpretation** | **May Kasanayan** | | |

Sa kabuuan ng datos nakakuha ito ng weighted mean na M=3.86, SD=0.84 na may verbal interpretation na May Kasanayan. Ipinapahiwatig nito na may kakayahan ang mag-aaral na maunawaan ang simbolong ginagamit sa mga lokal na babasahin. Ngunit kailangang bigyan ng gabay at sanayin ang mag-aaral na gumamit ng paglalarawan arketipo.

Ayon nga kina Callahan at Ledgerwood (2016) mahalaga ang maingat na pagsasaalang-alang ng paggamit ng simbolo. Ito ay nagpapalakas ng pagkakakilanlan ng isang pangkat at nagbibigay ng impormasyon at naghahatid ng panlipunang representasyon ng kasaysayan. Dahil dito, dapat na magabayan ng guro ang mag-aaral sa tamang pagpapakaluhugan ng simbolo na naglalarawan sa kulturang kinagisnan.

Inilahad ng Talahanayan 9 ang Antas ng pagpapaunlad sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa Kayarian ng Salita.

**Talahanayan 9 Antas ng Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral batay sa Kayarian ng Salita**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Natutukoy ang kayarian ng salita upang maunawaang kong mabuti ang hindi kilalang salita. | 4.02 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakapagbibigay ng impresyon sa kayarian ng salita na ito'y nagsisilbing gabay sa pagbaybay. | 3.93 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nasusuri sa panitikang lokal ang ginamit na kayarian ng salita tulad ng.mga salitang payak, maylapi, inuulit at tambalan. | 3.93 | 0.80 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napalalawak ang kaalaman sa kayarian ng salita upang mapataas ang bokabularyo at komprehensyon. | 4.00 | 0.76 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napahahalagahan ang kayarian ng salita upang mas maunawaan ang isang panitikang lokal. | 3.97 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **3.97** | | |
| **SD** | **0.78** | | |
| **Verbal Interpretation** | **May Kasanayan** | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Sa kabuuan, nakakuha ng weighted mean na 3.97, SD=0.78 na may verbal interpretation na May Kasanayan. Ipinapahiwatig lamang nito na may kakayahan ang mga mag-aaral na matukoy, masuri at mapahalagahan ang paggamit ng kayarian ng salita sa loob ng teksto.

Katulad ng binanggit ni Muraya (2017), ang kabatiran sa kayarian ng salita ay may natatanging pagkilala ng salita at pag-unawa sa pagbasa ng mag-aaral. Dahil dito, higit na napalalawak ang komprehensyon at bokabularyo ng mag-aaral. Makikita sa Talahanayan 10 ang Antas ng pagpapaunlad sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa Estraktura.

**Talahanayan 10 Antas ng Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral batay sa Estraktura**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Natutukoy sa lokal na panitikan ang paksang pangungusap at pantulong na kaisipan. | 4.11 | 0.80 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nailalahad ang estraktura ng sanhi at bunga na matatagpuan sa tekstong ginamit sa lokal na panitikan | 3.89 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nailalahad ang pagkakapareho at pagkakaiba ng mga datos upang mapagtibay ang katwiran sa lokal na babasahin. | 3.95 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| Natutukoy ang estraktura ng pagkakasunud-sunod ng pangyayari sa kwento gamit ang lokal na panitikan ng Pagbilao. | 3.95 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napahahalagahan ang estraktura ng akda upang mas maunawaan ang kabuuang teksto ng panitikang lokal. | 4.03 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **3.99** | | |
| **SD** | **0.76** | | |
| **Verbal Interpretation** | **May Kasanayan** | | |

Sa kabuuan, ang resulta ng Talahanayan 10 ay nagtamo ng weighted mean na M=3.99, SD=0.76 na may verbal interpretation na May Kasanayan. Samakatuwid., nahuhubog ng panitikang lokal ang kaalaman ng mag-aaral sa kasanayan sa pagbasa batay sa estruktura. Ang mag-aaral ay may malawak na kaalaman sa pagtukoy ng estruktura sa akda batay sa pangunahing kaisipan; pagkakatulad at pagsusunud-sunod ng pangyayari gamit ang lokal na babasahin.

Ayon nga kay Meneses (2018), mahalaga ang papel ng estruktura sa paghubog ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mag-aaral. Ang mga teksto na may malinaw na estruktura at organisasyon ay nakatutulong sa komprehensyon ng mga mambabasa.
Ang Talahanayan 11 ay naglalahad ng Antas ng Pagpapaunlad sa Pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao batay sa Pagsasabuhay.

**Talahanayan 11 Antas ng Pagpapaunlad sa Pagpapanatili ng Kultura ng Pagbilao batay sa Pagsasabuhay**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nakapagpapakita ng pagtangkilik sa mga lokal na akda, produkto at mga paniniwala ng Pagbilao. | 4.33 | 0.82 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naipapakita ang pagrespeto sa lokal na panitikan upang mapalakas ang ugnayan sa komunidad. | 4.19 | 0.82 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakapagbibigay nang pagpupugay sa mga taong nakapag-ambag sa pagpapaunlad ng lokal na panitikang upang patuloy silang lumikha. | 4.08 | 0.85 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nagagamit sa pakikipag-usap ang mga kasabihan na makikita sa lokal na panitikan. | 4.07 | 0.83 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naibabahagi sa kapwa ang magagandang akdang pampanitikan na makikita lokal na babasahin ng Pagbilao upang maisalin sa susunod na henerasyon. | 4.11 | 0.84 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.17** | | |
| **SD** | **0.80** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Napapanatili** | | |

Sang-ayon sa nakuhang datos sa Talahanayan11, na tumatalakay sa ng Antas ng Pagpapaunlad sa Pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao batay sa Pagsasabuhay. Sinuri nito kung paano naisasabuhay ng mag-aaral ang mga natutunan sa akdang lokal.

Sa pangkalahatan nakakuha ng mataas na kabuuan ng weighted mean ang Talahanayan 11. Ito ay nagtamo ng M=4.17, SD=0.80 at may verbal interpretation na Napapanatili. Batay sa kinalabasan ang mga respondente ay tumatangkilik sa mga produktong Pagbilao at nagpapakita ng respeto at suporta upang mapanatili at maisalin sa susunod na henerasyon.

Ito ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 4.17 na isa sa may mataas na resulta, SD na 0.80 na may verbal interpretation na Batay sa kinalabasan ang mga respondente ay tumatangkilik sa mga produktong Pagbilao at nagpapakita ng respeto at suporta upang mapanatili at maisalin sa susunod na henerasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 12 Antas ng Pagpapaunlad sa Pagpapanatili ng Kultura ng Pagbilao batay sa Pagtanggap sa Kultura**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Naipapakita ang paggalang sa mga gawang Pagbilao upang maipahayag ang pagtanggap sa kultura. | 4.34 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naipapakita ang pagtangkilik sa mga produkto tulad ng buli, papag at bilao upang maipahayag ang pagtanggap sa kultura ng Pagbilao. | 4.18 | 0.80 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakikiisa sa pagpreserba ng kulturang Pagbilao tulad ng padasal sa patay at paniniwala sa albularyo upang matanggap at maisalin sa kasunod na henerasyon. | 4.19 | 0.84 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakikiisa sa mga pagdiriwang tulad ng mga festival na nagtatampok ng lokal na gawain upang maipadama ang pagpapahalaga sa kultura ng Pagbilao. | 4.21 | 0.82 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naipagmamalaki sa social media ang pagtanggap sa kultura ng Pagbilao gamit ang panitikang lokal.. | 4.22 | 0.83 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.23** | | |
| **SD** | **0.81** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Napapanatili** | | |

Ang Talahanayan 12,ay naglalarawan ng Antas ng Pagpapaunlad sa Pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao batay sa Pagtanggap sa Kultura. Kabilang dito ang mean, standard deviation at remarks. Nakamit ng pahayag patungkol sa paggalang sa pagtanggap ng mga gawang Pagbilao ang pinakamataas na mean na M=4.34, Sd=0.78. Mula sa naging resulta masasabing may malawak na pagtanggap at paggalang ang mga tagasagot sa Kulturang Pagbilao. Samantala, ang mean na M= 4.18 ang may pinakamababang antas na patungkol sa pagtangkilik sa buli,papag at bilao. Ipinapahayag lamang nito na hindi sila interesado na bumili o bumuo ng bilao at papag, ngunit aktibong nakikiisa sa pagdiriwang ng Papag at Bilao Festival. Maaaring rin naming wala silang kasanayan sa pagbuo nito. Ang pagtuturo nang paglala ng buli at pagbuo ng pagpag at bilao ay magandang gawain na maibabahagi ng matatanda sa nayon upang ang kulturang tatak ng bayan ay hindi maglaho.

Sa kabuuan, ito ay may mataas na weighted mean na 4.23 na weighted mean na nagpapakita ng mataas na bahagdan. At SD na 0.81 na may verbal interpretation na Napapanatili. Nangangahulugan ito na may mataas pa rin na pagtanggap ang mag-aaral sa kanilang kultura.

Inilahad sa Talahanayan 13 ang Antas ng Pagpapaunlad sa Pagpapanatili ng Kultura ng Pagbilao batay sa Pagpapahayag ng Identidad.

**Talahanayan 13 Antas ng Pagpapaunlad sa Pagpapanatili ng Kultura ng Pagbilao batay sa Pagpapahayag ng Identidad**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Naipapakita ang pagrespeto sa lokal na paniniwala katulad ng "pagsusuob" upang mapalakas ang identidad. | 4.14 | 0.82 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naisasagawa ang kultura at tradisyon ng Pagbilao na magpapahayag ng sariling identidad. | 4.14 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakikiisa sa mga boluntaryong gawain gaya ng lokal na proyekto na naglalayong mapanatili ang identidad Pagbilao. | 3.99 | 0.81 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naipagmamalaki ang mga lokal na kultura at tradisyon ng Pagbilao upang maipahayag ang identidad. | 4.11 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napahahalagahan ang pinagmulan at identidad ng Pagbilao gamit ang panitikang lokal. | 4.11 | 0.80 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.10** | | |
| **SD** | **0.79** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Napapanatili** | | |

Sa kabuuan, may mataas na pagpapahayag ng identidad ang respondente ng Pagbilao na may kabuuang weighted mean na 4.10.SD na 0.79 at verbal interpretation na Napapanatili. Ito ay patunay na may malaking respeto ang mga tagasagot sa kultura ng Pagbilao batay sa panitikang lokal na kanilang nababasa. Masasabi rin na may pagpapahalaga at pagmamalaki ang mga tagasagot sa identidad ng Pagbilao.

Ang kinalabasan ay sumang-ayon sa sinabi ni Chiu et.al (2022) na sa paglaban ng daigdig sa mga pagbabagong dulot ng globalisasyon, lumilitaw ang pangangailangan ng pagpapahalaga sa kultura bilang isang masusing isyu na nakaaapekto sa paghubog ng identidad ng mga indibidwal at komunidad.

Makikita sa Talahanayan 14 ang Antas ng Pagpapaunlad sa Pagpapanatili ng Kultura ng Pagbilao batay sa Pagpapahalaga ng Tradisyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 14 Antas ng Pagpapaunlad sa Pagpapanatili ng Kultura ng Pagbilao batay sa Pagpapahalaga ng Tradisyon**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Naipapahayag ang pagrespeto sa tradisyon ng Pagbilao tulad ng selebrasyon ng Parokya. | 4.45 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakikiisa na mapreserba ang tradisyon ng Pagbilao upang maisalin sa susunod na henerasyon. | 4.17 | 0.83 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakikiisa sa pagdiriwang ng Pagbilao tulad ng Pagbilao Poblacion Fiesta upang maipadama ang pagpapahalaga sa tradisyon. | 4.13 | 0.83 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naipalalaganap sa kapwa kabataan ang lokal na kwento upang maipakita ang malalim na pagpapahalaga sa tradisyon ng Pagbilao. | 4.16 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napahahalagahan sa tulong ng panitikang lokal ang pagtangkilik sa mga likha ng Pagbilao upang mapanatili ang sinaunang tradisyon. | 4.17 | 0.86 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.22** | | |
| **SD** | **0.82** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Napapanatili** | | |

Ang Talahanayan 14, ay naglalarawan ng Antas ng Pagpapaunlad sa Pagpapanatili ng Kultura ng Pagbilao batay sa Pagpapahalaga ng Tradisyon. Mula sa resulta ng pananaliksik nagkamit ng pinakamataas na bahagdan ang pahayag patungkol sa pagpapakita ng respeto sa tradisyon katulad ng selebrasyon ng Parokya. Ito ay may mean iskor na M=4.45, SD=0.75 na may remarks na Lubos na Sumasang-ayon. Ang isa pang pahayag na may kaparehong mean na 4.17 ay tungkol sa pagpapahalaga sa panitikang lokal na naglalarawan ng pagtangkilik sa mga likhang Pagbilao. Ipinapahayag nito na ang katutubong kaugalian ng mga taga-Pagbilao ay naipapasa sa kasunod na henerasyon. Kung kaya ito ay patuloy na naisasagawa, tinatangkilik at nabibigyan ng respeto.

Samantala,
ang pahayag patungkol sa pakikiisa sa pagdiriwang ng Pagbilao Poblacion Fiesta upang maipadama ang pagpapahalaga sa tradisyon ay nakakuha ng mean na M=4.13, SD=0.83 at remarks na Lubos na Sumasang-ayon. Makikita ang mababang resulta ng pahayag na ito sa kabila ng mataas na bahagdan ng pakikiisa sa Fiesta ng Pagbilao na "Papag at Bilao Festival". Maaaring ang isang dahilan ay kawalan ng kaalaman ng tagatugon sa salitang ginamit na "población" na isang salitang Kastila na nangangahulugang "kabayanan". Kung saan ang población ang sentro ng kapistahan sa Pagbilao. Nangangahulugan din ito na salat sa kaalaman ang mag-aaral pagdating sa ilang mga salitang Kastila na namana sa mga dayuhan. Mababa man ang resulta, pasok pa rin ito sa remarks na Lubos na Sumasang-ayon.

Sa kabuuan, ito ay may grand weighted mean na M=4.22 at SD na 0.82, ipinahayag sa resulta ng SD na may iba't ibang pananaw at pagpapahalaga ang mga tagasagot. Sa pangkalahatan nakakuha ito ng verbal interpretation na Napapanatili. Patunay na pinapahalagahan nila tradisyon gamit ang panitikang lokal.

Malaki ang nagagawang ng lokal na babasahin sa pagpapanatili ng tradisyon at Kulturang Pagbilao. Ayon nga sa pag-aaral ni Montenegro (2022), sa ilalim ng R.A 9593, itinatadhana na ang tradisyon at kasaysayan ay kinakailangang itaguyod sa mga kabataan at mamamayan. Ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-aalaga at pagpapalaganap tradisyon gamit ang panitikan.

Matutunghayan sa Talahanayan 15 ang Makabuluhang Kaugnayan sa pagitan ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal at Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral.

**Talahanayan 15 Makabuluhang Kaugnayan sa Pagitan ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal at Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral**

| Pagpapaunlad ng panitikang lokal | | Pagpapaunlad sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Pag-unawa | Bokabularyo | Simbolismo | Kayarian ng Salita | Estraktura |
| Kasaysayan | Pearson Correlation | 0.424* | 0.380* | 0.423* | 0.457* | 0.398* |
| | Significance (2-Tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 300 | 300 | 300 | 300 | 300 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |
| Ekonomikong Kalagayan | Pearson Correlation | 0.380* | 0.340* | 0.381* | 0.401* | 0.313* |
| | Significance (2-Tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 300 | 300 | 300 | 300 | 300 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |
| Turismo | Pearson Correlation | 0.340* | 0.308* | 0.419* | 0.433* | 0.361* |
| | Significance (2-Tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 300 | 300 | 300 | 300 | 300 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Festival | Pearson Correlation | 0.308* | 0.461* | 0.369* | 0.428* | 0.358* |
| | Significance (2-Tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 300 | 300 | 300 | 300 | 300 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |
| Edukasyon | Pearson Correlation | 0.461* | 0.481* | 0.472* | 0.431* | 0.465* |
| | Significance (2-Tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 300 | 300 | 300 | 300 | 300 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |

Ipinakita sa Talahanayan 15 ang Makabuluhang Kaugnayan sa pagitan ng pagpapaunlad ng panitikang lokal at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sinuri dito ang ugnayan ng iba't ibang mga salik ng pagpapaunlad ng panitikang lokal sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ginamit ang Pearson product moment correlation coefficient.upang sukatin ang relasyon ng mga baryabol.

Batay sa kinalabasan, makikitang lahat ng aspekto ng panitikang lokal na binubuo ng Kasaysayan, ekonomikong kalagayan, turismo,Festival at Edukasyon ay may positibo at makabuluhang ugnayan sa kasanayan sa pagbasa, na binubuo naman ng Pag-unawa, Bokabularyo, Simbolismo, Kayarian ng Salita at Estruktura.

Makikita sa Talahanayan 16 ang Makabuluhang Kaugnayan sa pagitan ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal at Pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao.

**Talahanayan 16 Makabuluhang Kaugnayan sa Pagitan ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal at Pagpapaunlad sa Pagpapanatili ng Kultura ng Pagbilao**

| Pagpapaunlad ng panitikang lokal | | Pagpapaunlad sa pagpapanatili ng kultura ng Pagbilao | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Pagsasabuhay | Pagtanggap sa Kultura | Pagpapahayag ng Identidad | Pagpapahalaga ng Tradisyon |
| Kasaysayan | Pearson Correlation | 0.361* | 0.353* | 0.271* | 0.228* |
| | Significance (2-Tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 300 | 300 | 300 | 300 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig |
| Ekonomikong Kalagayan | Pearson Correlation | 0.353* | 0.375* | 0.356* | 0.314* |
| | Significance (2-Tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 300 | 300 | 300 | 300 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig |
| Turismo | Pearson Correlation | 0.375* | 0.347* | 0.422* | 0.424* |
| | Significance (2-Tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 300 | 300 | 300 | 300 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig |
| Festival | Pearson Correlation | 0.347* | 0.368* | 0.362* | 0.386* |
| | Significance (2-Tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 300 | 300 | 300 | 300 |
| | Analysis | Sig | Sig | t Sig | Sig |
| Edukasyon | Pearson Correlation | 0.368* | 0.368* | 0.499* | 0.418* |
| | Significance (2-Tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 300 | 300 | 300 | 300 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig |

Inilahad ng talahanayan 16, ang Makabuluhang Kaugnayan sa pagitan ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal at Pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao.

Gumamit din ito ng istadistikong panukat na Pearson Product Moment Correlation Coefficient. Matutunghayan sa paraan ng Pagpapanatili ng Kultura, ang panitikang lokal ay muling nagpakita ng positibong ugnayan sa apat na salik ang Pagsasabuhay, Pagtanggap sa Kultura, Pagpapahayag ng Identidad at Pagpapahalaga sa Tradisyon. Ang Edukasyon, Turismo, at Festival ang may pinakamataas na ugnayan lalo na sa pagpapahayag ng Identidad at Pagpapahalaga sa Tradisyon. Pinakamataas naman ang ugnayan ng Edukasyon sa Pagpapahayag ng Identidad (0.499) na nagpapakita ng mahalagang papel nito sa pagbubuo ng kamalayang kultural ng mga mag-aaral. Nangangahulugan ito na ang paggamit ng

panitikang lokal sa edukasyon ay nagtuturo ng pagpapahalaga sa kanilang pinagmulan at kaugalian. Dahil dito malinaw nilang maipahahayag ang sariling pagkakakilanlan.

Matutunghayan din ang magandang resulta ng ugnayan sa pagitan ng Turismo (0.424) at Festival (0.386) sa Pagpapahalaga ng Tradisyon. Pinatunayan nito na malinaw at nabigyang-diin ang Turismo at Festival sa mga lokal na akda. Maaaring napukaw ang interes ng mag-aaral sa ginamit na paglalahad sa teksto sapagkat madali nilang naiuugnay ang sariling karanasan sa pagdiriwang, gawi at kaugalian ng pamayanan na kinalakihan.

Samantala, ang ugnayan sa pagitan ng Kasaysayan at pagpapahalaga sa Tradisyon ang nakakuha ng pinakamababang bahagdan na 0.228 na nasa kategoryang Weakly Positive Correlation. Inilalarawan nito na maaaring ang lokal na panitikan na kanilang nabasa ay hindi nakapokus sa sarili nilang karanasan. Posible din na kulang ang nilalaman ng konteksto batay sa kanilang kasalukuyang paniniwala dulot ng modernisasyon.

Sa pangkalahatan,ang pinagsama-samang salik ng panitikang lokal na Kasaysayan, Ekonomikong Kalagayan, Turismo, Festival at Edukasyon ay may makabuluhang kaugnayan sa Pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao na binubuo ng Pagsasabuhay, Pagtanggap sa Kultura, Pagpapahayag ng Identidad at Pagpapahalaga sa Tradisyon. Pinatunayan ng mga datos na ang pagpapaunlad ng panitikang lokal ay hindi lamang nakatutulong sa paghubog ng kasanayang pang-akademiko kundi sa pagpapalalim ng pagkilala, pagpapahalaga at pagpapatuloy ng lokal na kultura.

## Konklusyon at Recomendasyon

Konklusyon

Batay sa kinalabasan ng pananaliksik, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo:

1. Walang Makabuluhang Kaugnayan sa pagitan ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal at Kasanayan sa Pagbasa. Ang haypoteses na walang ugnayan sa pagitan ng panitikang lokal at kasanayan sa pagbasa ay hindi tinatanggap. Patunay lamang na ang pagtuturo ng panitikang lokal ay lumilinang ng kasanayan sa pagbasa gamit ang salik na Pag-unawa, Bokabularyo, Simbolismo, Kayarian ng Salita at Estruktura.

Sa kinalabasan ng datos, malinaw na naipahayag na ang pagsasama ng panitikang lokal sa kurikulum partikular sa asignaturang Filipino ay magandang paraan upang paunlarin pa ang kasanayan ng mag-aaral sa pagbasa at kasanayang pangwika. Dapat bigyang-pansin ng mga guro at ng Departamento ng Edukasyon ang magandang tunguhing nang paggamit ng panitikang lokal sa pagkakaroon ng holistikong pagkatuto ng mag-aaral.

2. Walang Makabuluhang Kaugnayan sa pagitan ng Pagpapaunlad ng Panitikang Lokal sa Pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao. Ang haypotesis na walang ugnayan sa pagitan ng pagpapaunlad ng panitikang lokal at pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao ay hindi tinatanggap .Samakatuwid napauunlad ng panitikang lokal ang pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao sa aspetong pagsasabuhay, pagtanggap sa kultura, pagpapahayag ng identidad at pagpapahalaga ng mag-aaral sa tradisyon ng Pagbilao. Pinatunayan naman nito na ang panitikang lokal ay epektibong instrumento upang mapanatili ang kultura kagaya ng Kulturang Pagbilao. Kung maisasama ito sa kurikulum higit na magkakaroon ng kamalayan ang mag-aaral sa kultura ng nakaraan na maaaring ipasa sa kasunod na henerasyon. Paraan rin ito upang maging inspirasyon sa guro na ituro ang kultura at tradisyong gamit ang panitikang lokal.Sa manunulat, na ipagpatuloy ang paglikha na naglalarawan sa kultura ng bayan Sa mamamayan at kabataan na pahalagahan at pagyamanin pa ang panitikan na larawan ng mayamang kaugalian.

## REKOMENDASYON

Batay sa konklusyon, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay nabuo:

1. Sa pamunuan ng Departamento ng Edukasyon, na mabigyang-pansin ang pagsasama sa kurikulum ng panitikang lokal partikular sa asignaturang Filipino upang mas higit na mapataas ang kasanayan ng mag-aaral sa pagbasa sapagkat madali nila itong maiugnay sa tunay na buhay.
2. Gamitin ng mga guro sa Filipino ang mga nabuong lokal na materyal sa pagtuturo nang sa gayo'y hindi masayang ang mga nalikhang babasahin patungkol sa bayan partikular sa Pagbilao, Quezon.
3. Ang mag-aaral ay hinihimok na basahin ang mga lokal na materyales upang magkaroon ng kabatiran sa komunidad na ginagalawan. Gayundin upang maging kabahagi sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng Kulturang Pagbilao.
4. Ang mga mananaliksik ay hinihikayat na magsagawa pa ng kaugnay na pag-aaral upang makagawa ng materyales at maging batayan sa pagpapaunlad ng pantikang lokal bilang sa kasanayan sa pagbasa at pagpapanatili ng Kulturang Pagbilao.

## SANGGUNIAN


1. *Attard, C. (2021). The Positive Influence of Inquiry-Based Learning TeacherProfessional Learning Industry Partnerships on Student Engagement With STEM. Frontiers in Education. 6.https://doi.org/10.3389/feduc.2021-693221.*
2. *Callahan, S.P. & Ledgerwood, A. (2016). On the Psychological Function of Flags and Logos: Group Identity symbols increase Perceived Entitativity. Journal of Personality and Social Psychology. 110(4),528-550.https://doi.org/10.1037/pspi0000047.*
3. *Chiu,C.,& Benegal, A. (2022). Globalization and intercultural relations. Oxford Research Encyclopedia of Psychology.https://doi.org/10.1093/acrefore/9780190236557.013.573*
4. *Doe, F. (2021). Festival Tourism and Socioeconomic Development: Case of Kwahu Traditional Areas of Ghana. International Hospitality Review.36(1), 174-192.https://doi.org/10.1108/ihr-09-2020-0060.*
5. *Meneses, A. (2017). Academic Language as a Predictor of Reading Comprehension in Monolingual Spanish Speaking Readers: Evidence from Chilean Early Adolescents. Reading Research Quarterly. 53 (2),223-247. https://doi.org/10.1002//rrq.192*
6. *Montenegro, M. M. (2022). Mga Piling Kwento-bayan Surigaon: Isang Antolohiya. American Journal of Humanities and Social Sciences Research. Volume 6, Issue-2 237-262.*

7. *Muraya, N. (2017). The Role of Morphological Awareness in Word Reading Skills in Japanese: A Within-Language Cross- Orthographic Perspective. Scientific Studies of Reading. 21(6), 449-462 https://doi.org/10.1080/10888438.2017.1323906.*
8. *Raji,R.A (2019). The Mediating Effect of Brand Image on the Relationships Between Social Media Adviertising Content, Sales Promotion and Behavioural Intention. Journal of Research in Interactive Marketing. 13 (3), 302-330. https://doi.org/10.1108/jrim-01-2018-0004*
9. *Rockets.(2020). Comprehension {online} Retrieved on February 18, 2020. https://www.reading rockets.org/teaching/reading-basics/*
10. *Sianipar, I.M. (2024). Unraveling Factors Influencing Local Willingness to Participate in Sustainble Komodo Converstion and Protected Area Tourism. Forest and Society. 8(2), 350-371. https://doi.org/10.24259/fs.v8i2.32880.*